DEPARTMENT OF
ENVIRONMENT AND
NATURAL RESOURCES

NOV 19 1991

ESPESYAL NA UTOS)
BILANG 1067 :
TAON NG 1991 )

PAKSA : ANG PAGHIRANG SA LIDER-KOMUNIDAD BILANG "DEPUTIZED NATURAL RESOURCES AND ENVIRONMENT OFFICER" NG KAGAWARAN NG KAPALIGIRAN AT LIKAS NA KAYAMANAN.

Alinsunod sa pinaiiral na Pampangulong Kautusan (P.D.) bilang 704, 704, at 1181, kasama ng mga nabagong bahagi nito, ang lider-komunidad ng Brgy. Talaga, Laguna, Rizal na si LUCIO S. REOGO (NACFAR - ALYANSA - ASTKK) lang "Deputized Natural Resources and Environment Officer" ng Kagawaran ng Kapaligiran at Likas na Kayamanan.

Sa pamamagitan ng paghirang na ito, siya ay binibigyan ng mga sumusunod na kapangyarihan na maaari niyang isagawa sa loob ng kanyang nasasakupan:

1. Magsiyasat ukol sa mga bagay-bagay na may kaugnayan sa mga paglabag sa mga batas/alituntunin na pinaiiral ng DENR sa larangan ng pangingisda, panggungubat, at pangangalaga sa hangin at tubigan;

2. Umaresto ng mga tao na lumabag, kasalukuyang lumalabag at may balak na gumawa ng labag sa nabanggit na mga batas na kanyang makikita; ito ay maaaring isagawa nang walang kasulatan sa pag-aresto at ayon sa nasasaad sa PD bilang 704, 705 at PD 1181.

3. Magkumpiska ng:
   (a) mga kagamitan/sasakyan at tulad nito na ginamit sa paglabag sa nabanggit na mga batas/ alituntunin; at

   (b) mga yamang gubat, dagat/tubig na kinuha at dinala ng mga lumabag sa mga batas/alituntunin na pinaiiral ng DENR.

4. Magbigay katunayan sa mga salaysay ukol sa mga opisyal na mga bagay na may kaugnayan sa mga tungkulin ng DENR; at

5. Kumuha ng mga pinangakuang salaysay o "sworn statement" sa mga opisyal na pagsisiyasat sa ilalim ng mga nabanggit na batas/alituntunin.

Sa lahat ng ito, ang hinihirang na "Deputized Natural Resources and Environment Officer" ay inaatasang isakatuparan ang mga sumusunod:

1. Dalhin lahat ng mga nakumpiska, kasama ang mga taong gumawa ng paglabag sa batas/alituntunin, sa loob ng itinakdang panahon ng batas.

2. Gumawa ng nararapat na hakbang upang ang kinakailangang panimulang pagsisiyasat ay maisagawa ng mga taong inatasan ng batas ;

3. Ipagbigay-alam sa hukuman ang lahat ng mga mahahalagang impormasyon ukol sa mga nagawang hakbang sa pamamagitan ng RED/PENRO/CENRO, na nakakasakop sa kanya bilang "Deputized Environmental Officer";

4. Magpadala ng buwanang ulat sa RED sa pamamagitan ng nabanggit na CENRO/PENRO tungkol sa lahat ng mga kaso na kanyang nahawakan alinsunod sa kaatasang ito.

Ang paghirang na ito ay magkakabisa ngayong ika- 19 ng Nobyiembre 1991 at di lalampas sa ika-30 ng Hunyo 1992.

Ang kaatasang ito ay maaaring mapawalang-bisa bago pa man sa itinakdang panahon batay sa mga batas/alituntunin na pinaiiral ng DENR sa bagay na ito.

for:

FULGENCIO S. FACTORAN, JR
K A L I H I M